# UTANG INA

Minsan nang naitanong ng makatang si Ligaya Tiamson-Rubin kung paano tumula ang isang ina. At kung ang pagiging babae ay ang pakikipamuhay sa panahon ng digma ayon nga sa makatang si Joi Barrios, malamang ang maging ina sa isang bansang developing kuno ay pakikipagsapalaran sa walang hanggang digmaan ng pera at ang kakulangan nito. Paano nga ba mangutang ang isang ina? ang tao? ang Pinoy?

Isang kahibangan nang maituturing ang mabuhay dito sa Pinas. Lahat ay may halaga. Lahat ay may bayad. At maraming bawal. Bawal tumawid. Bawal magkasakit. Bawal umihi sa pader. Bawal ang pork. Bawal ang beans. Bawal manigarilyo. Bawal dumura. Bawal magpalaki ng anak dahil sa mga gastusin. Bawal ang magprotesta. Kulang na lang na ipagbawal ang huminga, kumain, at matulog. Tunay nga namang hibang ka kung pipiliin mo pang tumagal pa sa bansang ito.

Pero sa lahat ng ito, kahit maraming bawal, hindi pa rin ipinagbabawal ang mangutang at magpautang. Hindi ka pa naisisilang, may utang ka na, pambayad-utang pa. Kahit krisis na sa bansa'y business as usual pa rin pagdating sa usapin ng utangan.

At dito tayo magaling.

## UTANG? ANO IYON?

Wais ang mga Pinoy kung pera ang pag-uusapan. Lalo na pagdating sa estilo ng utangan. Kung may kurso nito, maraming mag-e-enroll at papasa. Mag-eksam tayo. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Ano ang unang sinasabi pag mangungutang?

a. Nahihiya ako sa iyo.

b. May problema ako/kami.

c. Kumusta na?

d. All of the above and more.

Kung isa man lang sa apat ang nasabi mo o ang lahat ay nagamit mo, magkapatid tayo. Kapamilya. Kapuso. Anuman ang tawag, kapwa tayong magkadugo sa utangan. Tulad ko, ikaw na nagbabasa, ay isang utangera/utangero.

Sentimo man o milyon, hinihiram pa rin natin. At dahil nasa panahon tayo ng krisis, hindi lang pera ang maaaring utangin. Kapag inutang, may kinukuha na hindi atin na kailangang kilalanin at ibalik. Wala itong pagkakaiba sa pagsasauli ng gamit na ‘di iyo. Kung ang rosas sa ibang pangalan ay nananatiling rosas pa rin, ang utang sa anumang paraan ng pagbabansag o tawag ay utang pa rin, daanin man ito sa lambing.

Marami sa atin ang umutang, umuutang at uutang. Wala akong kakilala na hindi nangutang isang beses man lang sa tanang buhay niya. Sapagkat ang utang, tulad ng problema sa lupa, ay isang lumang problema. Kung ang mga tao nga sa Bibliya ay nangungutang, tayo pa kaya na hindi nababasa ng madla ang buhay?

Pero kahit wala sa banal na aklat ang buhay natin bilang utangero/a, may mga kilala akong may M.A. at Ph.D. na sa pangungutang. May Angas kung umutang. Phwedeng Delay ang pagbayad? ang laging tanong.

UUTANG KA BA, ‘KAMO?

Mag-eksam ulit tayo.

Kung ika’y uutang, alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin? Piliin ang tamang sagot.

a. Magpanggap na Kristo

Matagal na kayong magkapitbahay. Nirerespeto ka nila dahil sa maayos mong trabaho at malinis na reputasyon. Kaya lang, isang araw, kumalat ang mga bali-balita tungkol sa iyo. Naibunyag ang matagal mo nang inililihim. Marunong ka rin palang umutang. At ngayon, alam na nila ang gawain mo.

Kumakatok ka sa kapitbahay mo, maagang-maaga, hindi pa sila nakapag-almusal, hindi pa nakaliligo, pero naroon ka na para batiin sila ng “Good morning. Mayroon ka ba nito?” sabay pakita ng tatlong daliri.

Sa mga hinihiraman mo, hindi good ang kanilang morning. Kuha kaagad ng kapitbahay mo ang tatlong daliri. Tulad mo, nakapag-aral rin siya. Alam niyang hihiram ka ng tatlong daan. Pagbibigyan ka ba?

b.Magkunwaring nahihiya

Kilala mo si Boy Bastos. Kabisado mo ang lahat ng mga green joke. Paborito mo ang inmortal na kuwentong nagpapapahabaan ng ari sina Boy Bastos, isang Amerikano, at isang Aleman. Mabilis mong nasasagap ang mga tsismis tungkol sa seks, kahit hindi mo kakilala, basta bastos, naikukuwento mo. Pero pag usapin na sa pera, tikom ang bibig mo.

Hindi mo alam kung paano mo kakausapin ang kaibigan mo. Lagi mong kakuwentuhan sa trabaho, sabay pa kayo kumain. Minsan, panay rin ang pagpapalitan ninyo ng mga mensahe sa cellphone. At ngayong gipit ka, hindi mo na alam kung paano mo sasabihin na nangangailangan ka.

Ibubulong mo ba? Magpapaligoy-ligoy ka muna? Aaliwin mo? O, ite-text mo na lang?

k. Maghanap ng tagapamagitan

Ito ang mga panahong kinahihintakutan mo. Mayo na naman at alam mo na ang ibig sabihin nito. Enrollment na ng mga bata sa kanilang pribadong eskuwelahan. Kahit anong pagtitipid at paghahanda, kulang pa rin ang naipon mo. Ano ang gagawin mo? Nagsawa na sa'yo ang nanay mo sa pagpapadala ng pera mula sa Amerika. Pero bigla na lang sumagi sa isip mo ang kakilala mong may-ari ng sanglaan sa kanto.

Kaya lang hindi kayo malapit sa isa't isa. Mas tsika ng matalik mong kaibigan ang may-ari ng sanglaan. Siya na ang makikipag-usap para sa iyo. Tutal, kampante kang pagbibigyan ka ng may-ari dahil pareho kayong biyuda at lamang lang siya ng isang anak.

Ngayon, iisipin mo na lang: kailan ang balik ng matalik mong kaibigan mula sa bakasyon niya sa Baguio?

d.Maging kuwentista

Nangyari na ang ayaw mong mangyari. Ayaw ka nang pautangin ng suki mong bumbay.  Galit na siya sa 'yo. Ilang beses ka nang nangakong magbabayad pero hindi mo pa

rin magawa-gawa. Hindi dahil sa wala kang pambayad kundi dahil inuna mo ang iba pang bayarin.

At ngayon, ayaw niyang maniwala sa mga paliwanag mo.

Magdadagdag ka ngayon sa iyong kuwento. Kahit alam mong mali, magsisinungaling ka nang kaunti para mapagbigyan ka muli. Hindi naman masama ang magsinungaling basta't mababayaran ang upa ng bahay at maitutubos ang alahas na isinangla mo para may maibayad sa Meralco.

Idadahilan mo pa rin ba ang sakit mo sa puso?

HINDI KA PA BA NAHIHIYA?

Bakit ganito ang turing ng Pinoy sa pera? Papel lang naman ito. Kung sino-sino ang humahawak. Lahat ay nagmamay-ari. Marumi pero 'di pinandidirihan ng tao. Ito na ang kabalintunaan natin pagdating sa pera at utang. Pag seks na ang pinag-uusapan o kung anumang tsismis, maaaring ibunyag. Maaaring maipagmalakai. Maaaring ikalat. Maaaring ipagsabi. Pero 'pag utang na o pera, tikom ang bibig ng mga tao. Nakakahiya. Nagiging sikreto. Dapat bumulong. Dapat magpaligoy-ligoy muna bago sabihin.

Nakakaeskandalo pag nalaman ng mga tao na mukhang pera ka. Okay lang kung maarte ka o malibog, huwag lang magmukhang pera o palahanap ng pera. Kakaiba ang tingin sa 'yo ng mga tao. Parang may galis. Parang palaboy. Parang pakawala. Parang di ugali ng tao kung kumilos. Kaya ang gagawin mo, kung maaari, itatago mo ito. Matututo kang maging mapamaraan.

Kaya siguro sa lahat ng inobasyon sa kultura ng pangungutang, dapat purihin ang nakaimbento ng listahan ng pautang.

Walang mukha ang mga pangalan sa listahan. At dahil walang mukha, walang pagkakakilanlan. Parang paglilista lang ng alyas ng mga taong nagbibiglang-liko. Sa ibang taong titingin, walang halaga ang mga produkto't serbisyong nakalista dahil wala silang ugnayan rito.

Nabalitaan na dati sa dyaryo ang isang tindahan na nagpapaskil ng listahan ng kaniyang mga pautang. Dahil sa sobrang inis sa mga taong ayaw magbayad, gumanti ang may-ari at walang pakundangang ipinaskil ang mga utang ng kanyang mga mamimili.

Halos hindi na makita ang buong tindahan dahil sa dami at haba ng mga listahan. At para personal ang dating ng mga listahan, nakasulat sa malalaki at makukulay na letra ang pangalan ng sinumang nangutang. Bago pa ang pagpipintura ni Mayor Lim sa Maynila para masugpo ang pagkalat ng ilegal na droga, nauna na ang tinderang ito.

Sa pinagtuturuan ko, uso rin ang listahan ng mga pautang. Isa na ang pangalan ko sa madalas na maisulat sa mga listahan ng pautang. Hindi lang ako utangera, Ina rin ako. Ina akong nangungutang para sa kapakanan ng iba. Kung sa ibang tao, nakakahiya ang umutang, sa opisina namin, uso ang umutang dahil sa mababang sahod ng mga empleyado ng gobyerno.

Noong pumasok ako sa opisina namin, ideyalistiko pa ako't buo ko pang naiuuwi ang aking suweldo. Ibig sabihin: walang ito kaltas. Takot akong mangutang dahil sa mga kahindik-hindik at nakapangingilabot na mga kuwento't sabi-sabi tungkol sa utang.

Ayon sa ilan, kapag nag-umpisa ka nang umutang, para kang nasiraaan ng brake sa sasakyan. Hindi ka makakapreno kahit gustuhin mo. Nakakaadik kung minsan dahil alam mo, kahit alam mong ubos na ang inutang mo, maaari kang umulit. Ayon nga kay Vilma Santos, not just once, but twice. Kung minsan pa nga, di mo na mabibilang ang pag-uulit mo.

Kinahihintakutan rin ang pagmimilagrong nagaganap sa payslip ng isang empleyado. Lumalaki ang papel dahil sa listahan ng mga kinakaltasan, lumiit ang halagang naiuuwi. Nakakapanlumong makakita ng isang payslip na marami ang inutang.

Sa payslip ko mismo, mahaba-haba ang listahan ng mga kinakaltas sa akin. Nariyan ang utang sa Kooperatiba. Utang sa GSIS. Kaltas para sa buwis. Kaltas para sa Philhealth at marami pa. Makikita sa payslip ang mga inutang ko pero hindi nakalista ang mga nabayaran ko.

Dahil imbisibol naman talaga ito. Hindi mo nakikita pero nararamdaman mo kung minsan. Nakikita kong tumataba ang anak ko dahil sa gatas na binili ko noong makalawa. Lumalamig ang kuwarto dahil sa hangin ng aircon. Napapanood pa rin ng panganay ko ang paborito niyang palabas sa tv. Nakakakain sa tamang oras ang pamilya ko. Nakakasama pa ng panganay ang mga pabotito niyang titser.

Pero kahit imbisibol ang listahan ng nabayaran, hindi pa rin nawawala ang listahan. Hangga't wala kang pambayad, puwersadong mangungutang o magpapalista. Dahil aminin man natin o hindi, kahit masaklap, ganito ang naging kalakaran ng ating buhay. Apektado ang lahat. Walang sinasanto. Kahit sa amin. Kahit may doktorado. Bata man o matanda. Payat man o mataba. Single man o Committed to. Private o Public.

Sa pagpapakopya pa lamang ng mga babasahin sa aming klase o mga personal na mga dokumento, nagpapalista ang kaguruan. Mas napapadali ang buhay kung ipapalista mo muna dahil iisipin mong isang bayaran na lamang. O di kaya, nanghihinayang kang dumukot ng pera. Maaari namang nagmamadali ka at naiwan mo ang pitaka mo. O, simpleng wala ka lang pambayad. Anuman ang dahilan, pahahaban pa rin ng listahan. Kung kailan babayaran, hindi masasabi. Kahit sabihin sa suweldo, marami pa rin ang hindi nakakapagbayad dahil sa dami ng gastusin.

Ano ba naman ang inutang mo sa seroks na tatlong daan kumpara sa babayaran mo sa Meralco na dalawang libo? Sayang ang tatlong daan. Pandagdag na lang sa ipapambayad mo. At iisipin mo na lang: makakapaghintay ang sineroks mo pero hindi ang iyong koryente. Hindi ang mga kakailanganin mo para mabuhay. Gaya ng pakikipagkomunikasyon.

KAILAN AKO PUWEDENG MANINGIL?

Noong nadukutan ako ng selpon sa loob ng dyip, akala ko ay mabubuhay pa rin ako kahit hindi ko nate-text ang mga kakilala. Pero noong pinagalitan ako kung bakit hindi ako nakapunta sa pulong, balewala ang dahilang nawalan ako ng telepono. Sa katunayan pa nga, nag-text sila at sumagot daw ako na pupunta ako. Langhiya, ginamit pa ng magnanakaw ang load ko!

Sa load kami nabubuhay sa opisina. Tuwing may tsismis, kumustahan at mga paalala, load ng selpon ang ginagamit. Nakakabilib rin ang teknolohiya, dahil sa text messaging, nakakatipid kami ng papel dahil text na kung magpadala ng memo. Naisin mo mang tumanggi o magpaliwanag na hindi ka makakadalo, ite-text mo na lang ang iyong tugon. Kaya marami

sa amin nagpapalista sa mga utang namin sa load. Magsisimula sa pangakong “babayaran agad” hanggang sa “suweldo na lang babayaran.”

Sanay na sa ganitong estilo ang aming tagalista. Tila siya ang aming San Pedro sa opisina.  Bihasa na siya pagdating sa mga listahan.Tuwing may mga pulong, halimbawa, siya ang naglilista kung ano ang kakainin ng mga tao. Siya rin sa atendans. Siya rin sa liquidation. At siya rin sa load.

Pag malapit na ang suweldo, parang siyang nanay na nagpapaalala sa kanyang mga anak. Madalas pa nga, nagbibigay na ng presyo o kung alam niyang mahiyain ang tao’y ipapakita ang listahan. May tamang etiquette siya sa paninigil. Hindi tulad ng mga nasa palabas na nagpapakita ng mga maniningil na may pangil. Always smiling ang aming San Pedro sa opisina. Kaya kung minsan, iisipin mo na baka talagang may kurso nga sa pangungutang at siya ang batch valedictorian.

Organisado ang listahan.  May petsa, may halaga. Hindi mo malaman kung matutuwa ka o maiinis. Hindi mo mawari kung dapat siyang purihin dahil sa pag-iingat ng iyong inutang o maiinis dahil ipinapaalala sa ’yo na kailangan mo na ngang bayaran dahil malaki na ang halaga.

Ito rin minsan ang nagiging nitsa sa mga tsismis at samaan ng loob.

Tuwing may pagkakataon, napag-uusapan ang mga utang habang kumakain, nagyoyosi, habang nagpupulong at sa simpleng tsikahan lamang. Sa tuwing ito na ang pinag-uusapan, aakalain mo ang usapin sa pera’y para lamang pagtatanong lang sa slum book ng “ano ang paborito mong kulay?” o “sino ang hayskul crush mo?” Ganito ang pera sa amin. Nagsisimula muna sa tsismisan. Parang slum book entri. Ano ang inutang? Gaano kalaki ang utang?

Madalas nang marinig ang mga linyang “kay bilis ng pera” (Eh di, habulin) at “parang tubig ang pera” (kailangang inumin). Pero mas masayang gawing pulutan ng usapan ang mga nangungutang. Ewan ko kung bakit. Hindi lang naman ang opisina namin ang ganito. Nangyayari rin ito sa maraming ahensiya’t opisina. Siguro ay dahil bawal pag-usapan ang pera. Masyadong personal. Ugali pa naman nating mga Pinoy na panggigilang kung minsan ang kung ano ang bawal. At dahil personal, pag-uusapan talaga.

BAKIT AKO MAHIHIYA?

Ganito ang impresyon ko sa aking opisina: takot kaming magutom. Kung ikukumpara kami sa ibang opisina, laging mayroong nakahandang pagkain sa aming opisina. Kung gutom ka, pumunta ka sa amin. Laging mayroong pagkain.

Para sa akin, positibo ang ganitong pagtingin. Senyales ito ng pag-aalala namin sa aming kapwa guro. Nakakagutom naman talaga pag sunod-sunod ang turo. Walang break. Ako nga mismo, pag gutom, nanghihina at nagsusungit kung minsan. Kaya mapalad ako kapag may pagkain sa opisina. May laging nagdadala ng mga kakanin mula sa Angono. May isaw, itlog ng pugo at fishball. Kung may umalis ng bansa, madalas may pasalubong sa opisina ng mga tsokolate o biskwit. Walang pinipili o diskriminasyon sa sinumang nagugutom. Walang hiya-hiya. Walang kaartehan. Lahat ay maaaring makisalo. Lahat maaaring humingi. Pantay-pantay na parang noong sinaunang kultura ng ating mga ninuno.

Pero pag ang pagkain ay kailangan bayaran, nagkakahiyaan na. Takot maglabas ng pera. Umiiwas dumukot. Kung maaari, uutangin na lamang ang mga ito. Mas masarap kasi ang kumain o pumili ng kakainin nang hindi mo iniisip kung paano ito babayaran. Kaya nga ako lalong tumataba sa opisina.

Nakakatawang obserbahan ang mga taong umuutang ng pagkain. Dahil marami sa amin ang kuripot o dahil maraming kailangang bayaran, kailangan mong maging alerto sa bawat kilos at pananalita ng mga tao.

Ang mga matamis tulad ng mga prutas o ang mga muling inirepakeng mga mallows, oreo at pretzel ang madalas utangin. Paborito kasi ng marami sa opisina. Pasalubong sa mga anak. Pampagana sa iba.

Pag sinabing kailangang bayaran, tumatalilis na ang iba. Nagmamadaling lumabas, magsasabing may klase pa o may pupuntahan. Ayaw kasi ng mga tao ang binibigla, dapat may kaunting paglalambing at panunuyo.

Papayag na lamang pag sinabing maaaring bayaran sa suweldo. Kung ito ang matutunugan ng mga tao, sunod-sunod na ang mga order. Kung prutas, magpapatabi na ng ilang kilo. Kung matamis, magbibilin na ng ilang balot. Pati ang mga bangus mula sa Pangasinan, maaari nang utangin.

Nang lumaon, umasenso na kami. Hindi lang load o pagkain ang maaaring utangin. Maaari nang utangin ang mga beauty products, pabango, unan, damit, bag at maging ang ipapabiling pasalubong. Noong huling seminar nga, nagpabili ako ng ube jam sa Baguio. Utang muna para sa pamilya ko.

Nagiging bahagi na ito ng kultura namin sa opisina. Kung tutuusin, na-wiwirduhan ang ilan kapag binabayaran mo na kaagad ang utang mo o di kaya'y kung tatanggi kang mangutang. Tampulan ka ng mga biro at pang-aalaska na tipong wala ka sigurong problema dahil di ka mangungutang. O, tipong mayaman ka o may pera dahil hindi mo kailangang mangutang.

Utang naman kaya hindi na dapat problemahin. Pero may mga pagkakataon naman na kailangan mong problemahin ang mga nangungutang.

MAGBABAYAD NA TALAGA AKO. PRAMIS. AS IN.

Sa Pinas lang maaaring mangyari ito: kahit hindi dapat, ang nangungutang pa ang siyang mayabang. Nakakainis pero nangyayari.

Isa sa mga naging bisita namin sa opisina si X. Big-time kung mangutang. Walang hindi bababa sa isang libo. Dadaanin sa ngiti, konting sundot ng biro at magugulat ka na lamang, mangungutang na pala. Idadahilan ang anak. Para sa graduation. Para sa uniporme. Para sa project sa eskuwelahan. Bato ka na lang kung hindi ka maaawa.

Kaya lang, nang minsang humiram, naging bali-balita noon na hindi nagtatali ang kanyang mga kuwento. Pag siningil mo, biglang magkakaroon ng selective amnesia. Sa isang iglap, nagiging bingi, nagiging bulag. Kahit anong tawag mo sa telepono, hindi sasagutin. Kung masalubong, hindi ka nakikita. Dahil sa utang, napuputol na rin ang mga daliri. Hindi makapag-text back sa mga tanong o paniningil mo. Sa huli, pati ikaw, mahahawa na rin sa selective amnesia niya. Pipilitin mo ang sarili na kalimutan na may inutang sa ’yo. Para wala ng away. Masikip lang ang mundo. Magkakabungguan kung di mag-iingat.

May selective amnesia rin ang kapitbahay namin.

Madalas magyabang ang kapitbahay naming lalaki na sa isang kilalang eskwelahan nag-aaral ang kanyang apo na babae. May ilan ring nagagandahan sa kanyang apo kaya napapapayag ang ilang drayber. Pero nang minsang sumakay sa traysikel ang kanyang apo, nagsabi si Lolo sa drayber na sa pagbalik na lamang babayaran. Pagbalik ng drayber, wala na

si Lolo. Wala na ang bayad. Kalat sa lugar namin ang modus operandi ni Lolo. Sa sobrang kasikatan, marami na sa mga drayber ang tumatangging pasakayin siya at ang kanyang apo.

Kahit matanda na, magaling pa rin sa taguan.

Minsan, kung iisipin mo nang maigi, magtataka ka kung bakit takot ang mga tao sa utang. Maaari naman itong taguan o takasan. Marami-rami na rin ang gumagawa nito. Lalo na pag upa na ang pinag-uusapan. Hindi mo matatakasan ang bahay, pero maaari mong takasan ang may-ari ng bahay.

May kakilala ako na tatlong buwan na niyang hindi nababayaran ang bahay. Napatid na niya ang pisi ng may-ari. Isang araw, habang nagbabawas sa banyo, narinig niyang kumakatok at sumisigaw ang may-ari. Nagmamadali siyang patayin ang gripo, pinatay ang ilaw at nagkunwaring wala siya sa loob ng bahay. Halos mabingi siya sa lakas ng mga katok at sigaw ng may-ari. Naramdaman niyang uminit ang kanyang mga pisngi at kahit nangangamoy, sinikap niyang tiisin. Magmula noon, kahit alas diyes pa ang klase, naging gawain na niya ang gumising ng alas kuwatro para maiwasang makita siya ng may-ari na umalis ng bahay.

Bilang magulang, sa lahat ng hindi maaaring kalimutang bayaran o iwasan ay ang kuryente at upa sa bahay. Kung maputulan man ng ilaw, maaari naming gawan ng paraan. Pero kung mga anak ka at beybi pa ang bunso, kabaliwan kung mawalan ng bahay. Lalo na ngayon na tila nauuso ang nakawan di lang gamit pati ng bata, dobleng pag-iingat ang kailangan. Sa aking palagay, sa bahay nakikita ang pagiging dinamiko ng buhay ng isang mag-anak. Dito namin higit na nadarama ang pagmamahal sa isa't isa. Dito namin nasusubaybayan ang mga naging pagbabago namin sa buhay. Dito ko lubusang nakikita ang pag-unlad ng

pagsasalita at pagsayaw ng aking panganay. Dito ko nakikita ang milestones ni bunso. Kaya mangutang man ako nang paulit-ulit, okay lang, ang mahalaga'y mababayaran ang bahay.

Pero mayroon talagang tatakas sa pagbayad. Minsan, kapag nananadya ang tadhana, sa kakaiwas mo sa inutangan mo, magugulat ka na lang sa inyong pagsalubong.

Galing sa mental ang isa ko pang kapitbahay. Nang gumaling at pinalabas, ipinagdiwang niya ang kanyang kalayaan sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga produkto sa mga catalogoue tulad ng Avon.

Kilala si Ginoong R. bilang bading na madalas kinakausap ang sarili. Nawawala ang kanyang pagiging baliw kapag pera na ang pinag-uusapan. Isang palaisipan sa amin si Ginoong R. Sa kanyang katinuan, ang red tide ay isang dagat na pula ang mga alon at hindi ang nakamamatay na sakit na nasa tahong. Pero pag negosyo na ang pag-uusapan, daig pa niya ang mga tindera at accountant. Alam niya kung sino ang umutang, ano-ano ang mga inutang at kung magkano ang inutang. At ang nakakatakot, natatandaan niya ang lahat ng sinabi o ipinangako mo basta't may kinalaman sa pera. Kahit mataas ang sikat ng araw o umuulan, pagtitiyagaan niyang singilin ang lahat ng may utang.

Iba naman ang estilo ng kapitabahay naming si Ginang R., may-ari ng tindahang malapit sa amin. Bago pa man kami nakalipat sa Bliss noon, mahaba na ang kasaysayan ni Ginang R. at ang kanyang suking bumbay. Madaling malaman kung may pera o wala si Ginang R. Kung maraming laman ang tindahan, nakahiram siya kay bumbay. Kapag oras na ng singilan at hindi pa handa ang ipapambayad, magdadahilan siya na inatake siya ng kanyang high blood at ipinambili niya ng gamot. Minsan, natututo na ring magsuspetsa ang bumbay. Nagsimula itong manmanan si Ginang R. Nagbabayad pa ito ng mga espiya. Desperado siyang

singilin si Ginang R.  Sa mga ganitong pagkakataon, hindi siya lalabas ng bahay at ipapaharap ang kanyang mga anak na lalaki. Lahat ay may edad na at malalaki ang kaha ng katawan.

Nang lumaon, sinuwerte rin siguro siya sa kanyang pangungutang. Nakapunta siya sa U.S. at iniwan ang kanyang mga utang sa Pinas. Nang singilin ulit siya ng bumbay, tinarayan niya ito at ipinagmamalaking hindi siya magbabayad ng inutang niyang limampung libong piso sa dahilang ilang taon na rin siyang ginagatasan ng bumbay.

Pero may mga utang na hindi talaga nababayaran.

WALA KA BANG UTANG NA LOOB? WALA. UTANG SA LABAS LANG.

Sa lahat ng maaaring utangin, ang pinakamabigat at mahirap singilin ay ang utang na loob.  Kapag nanay ko na ang umutang o mga kapatid ko, alam ko na hindi na dapat singilin. Kaya lang iba na pag utang na loob sa loob ng opisina ang pag-uusapan. Nakabaon ang kultura ng sistemang ito sa ugnayan ng mga nakatatandang guro at sa mga nakababatang guro. Kahit ayaw mong isipin, nangyayari ang sistemang ito. Ano ang dapat mong isukli sa mga taong nagtanggol, nag-promote o nagpasok sa ’yo?

Kung tutuusin, ang lahat ng tao’y dumadaan dito. Kahit siguro sila na magreretiro na’y dumaan sa ganitong kalakaran noong panahon nila. Upang maiwasang mabansagan kang masama o walang utang na loob, kailangan mong makisama, makatutulong man ito sa pag-unlad mo o hindi.  Bilang ina, titiisin mo ang lahat para masiguro ang trabaho mo. Ano na ang mangyayari sa pamilya ko kung mawawalan ako ng trabaho?

Pero bakit ganoon?  Pag utang na loob sa trabaho, kay daling hanapan ng butas at mga tapyas. Pero pag utang na loob na sa sarili mong kadugo, kahit nakikita na’t nadarama’y

tatakpan mo ang butas at tatanggalan ng tapyas. Mas mabigat ang responsibilidad sa "pagbabayad" ng utang na loob bilang anak sa magulang kesa maging "anak-anakan" sa opisina.

Kung iisipin, nakakatakot ang magkaroon ng utang na loob.

Kahit mismo ang mga Presidente ng bansa'y malalim at makasaysayan ang kanilang mga pinagkakautangan ng loob. Isa na rito ang dating Pangulong Corazon Aquino. Nang mabigyan ng pagkakataong mabigyan ang bansa ng amnestiya sa ating mga utang sa IMF-WB, tinanggihan ito ng Presidente. Dahil sa utang na loob sa mga dayuhan at sa ating palabra de honor, ipinagmamalaki ng Pangulo na kaya nating bayarin ang ating mga utang. Huwag na natin kalimutan pa ang diumano'y utang na loob ng Pilipnas sa U.S.

Hanggang ngayo'y kahit hindi pa naisisilang, binabayaran natin ang utang. Kamatayan na lang ang maaaring magpawalang bisa nito. Noong namatayan nga kami sa opisina'y nagkaroon ng biruan na dala-dala hanggang kamatayan ang inutang. Ito na lang ang magiging sistema sa Pinas, hangga't may hininga, mananatili ang utang. Kaya maswerte si Huli. Mabuti na lang at pinatay siya ni Rizal para hindi tumagal ang kanyang paghihirap.

PUWEDE PA BA AKONG UMUTANG?

Dapat nga siguro ay may kurso tungkol sa pangungutang. Kailangan nating mga Pinoy ng survival skills sa usapin ng pera. Umaabot na kasi sa puntong nakakasama sa kalusugan ng tao ang utang at pera. Madalas mabalitaan sa telebisyon ang mga nagtatangkang magpakamatay sa pamamagitan ng pagtalon mula sa matataas na overpass at billboard, para lang iwasan ang utang. Kung minsan pa nga, may mga taong nababaliw dahil sa dami ng kanilang utang, sa laki ng kailangang bayaran. Ang iba nama'y pumapayat nang husto,

ginagawang diet pills ang mga nakaambang na bayarin. Samantalang ang iba’y nagkakaroon na ng insomnia sa kakaisip kung paano mangungutang o kung papaano iiwasan ang inuutangan. Dagdag pa natin ang paranoia at phobia sa listahan.

Sakit na nga ang pangungutang. Parang paninigarilyo. Tunay na hazardous to our health. At dahil sakit, dapat may madiskubre na sanang lunas. Mabuti pa ang paninigarilyo, maaari kang tumigil kung gugustuhin. Maaaring tiisin dahil may mga nicotine bubble gum na at patches.  Pero paano naman ang adiksyon natin sa pangungutang? Sana ay may makadiskubre ng gamot na ituturok lang sa ’yo, mawawala na ang tendensiya mong mangutang. Kung babayaran mo ang gamot na ito at di uutangin.

Ito ang parikala ng pangungutang: nangungutang tayo para mabuhay nang matiwasay. Nangungutang tayo para tumagal ang ating buhay. Nangungutang tayo para hindi tayo masiraan ng bait. Nangungutang tayo dahil pinagkakautangan natin ng loob ang mga taong bumubuhay sa atin.

O, ang Utang. Kay sarap sigurong mabuhay kung wala kang ganitong problema. Biruin mo, maaari ka nang matulog nang mahimbing. Hindi mo na kailangan pang intindihin ang credit card, ang recruitment agency, ang naisanlang alahas, ang mga produkto ng Avon at iba pa.

Isang kahunghangan. Isang pagmamalabis sa ating kamalayan. Ngunit pag wala, hindi gagalaw ang ekonomiya sa bansa. Hindi mabubuhay ang tao. Hindi mananatiling hibang ang marami. Sa panahon ng krisis, ang nakikitang solusyon ang mangutang. At magmura ang mga bilihin. At kung nanaisin mo’y magmura sa inis, sa galit. Utang ina talaga.